**TUGON NG HTAC SA MGA ALEGASYON SA PAGKA-AKSAYA NG MGA BAKUNA KONTRA COVID-19**
**25 NOBYEMBRE 2022**

Ang Health Technology Assessment Council (HTAC) ay naglabas ng paliwanag ukol sa paratang na ang HTAC ang dapat sisihin sa pagkasayang ng mga bakuna laban sa COVID-19.

Ang rekomendasyon ng HTAC ay nagsisilbing gabay ng gobyerno sa paglalaan ng pondo ng Department of Health (DOH) at Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth). Sinusumite ng HTAC ang rekomendasyon sa Secretary of Health para sa pinal na desisyon ukol sa implementasyon. Nakabase ang mga rekomendasyon ng HTAC sa masinsinang pagsisiyasat ng mga ebidensya, kabilang na kung ang mga bakuna para sa COVID-19 ay ligtas at mabisa. Dahil dito, kailangan muna ng Emergency Use Authorization (EUA) mula sa Philippine Food and Drug Administration (FDA) bago makapagbigay ng rekomendasyon ang HTAC.

Hindi kailanman naging dahilan ang HTAC na maantala ang pagbabakuna ng boosters para sa COVID-19. Sa katunayan, ang HTAC ay naglabas ng rekomendasyong aprubado ng *Secretary of Health* ukol sa *first boosters* noong ika-03 ng Nobyembre 2021. Ang HTAC ay nagsumite rin sa *Secretary of Health* ng mga natuklasang ebidensya sa *second boosters* para sa mga *immunocompromised*, mga *healthcare workers*, at 60 taong gulang at pataas noong ika-28 ng Abril 2022, kasunod ng paglabas ng mga EUA nito noong 13 April 2022 at rekomendasyon ng World Health Organization (WHO). Nang naglabas ng *updated* EUA ang FDA noong 25 July 2022 upang lawakan ang *age group* ng *second boosters* para makasama na ang 50 taong gulang at pataas pati na rin mga *adult* na 18-49 taong gulang na may *comorbidities*, lumabas din kaagad ang *updated* na rekomendasyon ng HTAC kinabukasan, 26 July 2022.

Hindi rin saklaw ng gawain at responsibilidad ng HTAC ang mga negosasyon para sa pagbili ng bakuna, pagtatakda ng presyo, kung ilang doses ang bibilhin at ang distribusyon nito. Ang pag-*expire* ng mga bakuna laban sa COVID-19 ay hindi sapat na dahilan para dali-daling irekomenda ito ng HTAC para sa *second booster*. Sa pag-aaral ng HTAC sa ebidensya, higit na makabubuti na paigtingin ang kampanya para sa *first boosters* dahil sa mababang porsyento ng paggamit dito. Nananatiling bukas ang HTAC sa pagbabago upang mas magampanan nito ang kanyang mandato. Nais lamang ng HTAC ang kung ano ang pinakamainam at ligtas para sa lahat ng Pilipino.

---

To keep updated on HTA news, visit our website: https://hta.doh.gov.ph/
Like and follow our FB page: bit.ly/HTA-OfficialFB
#HTA4UHC
#HTAPhilippines

Republic of the Philippines
Health Technology Assessment
Department of Health

**List of Health Technology Assessment Council (HTAC) Members**

**CORE COMMITTEE**

1. Chair and Ethics Practitioner - Marita V. Tolentino-Reyes, MD
2. Vice Chair and Citizen's Representative - Annabelle R. Borromeo, PhD, MHA, RN, CNS
3. Health Economist - Aleli D. Kraft, PhD
4. Clinical Trial/Research Methods Expert - Cecilia C. Maramba-Lazarte, MD, MScID, MScCT
5. Clinical Epidemiologist/ Evidence-Based Medicine Expert - Jacinto Blas V. Mantaring III, MD, MSc
6. Medico-Legal Expert - Bu C. Castro, M.D. Ll.B. FPSP
7. Public Health Expert - Martha Bugnosen-Cayad–an, MD, MPH, CESO III
8. Sociologist-Anthropologist - *Vacant**
9. Public Health Epidemiologist - *Vacant**

**SUBCOMMITTEES (SC)**

SC on Drugs
1. Lizette Kristine F. Lopez, MD
2. Irisyl O. Real, MD, MCMMO, FPCP, FPSMO
3. Imelda G. Peña, RPh, DrPH

SC on Vaccines
1. Jose Enrico H. Lazaro, PhD
2. Mary Anne J. Roldan-Castor, MD
3. Mediadora S. Claudio-Saniel, MD, MBA-H, FPCP, FPSMID

SC on Medical and Surgical Procedures
1. Maria Minerva P. Calimag, MD, PhD
2. Ma. Isabelita C. Rogado, RN, MAN
3. *Vacant**

SC on Clinical Equipment and Devices
1. Agnette dP. Peralta, MSc
2. Marc James dC. delos Santos, MD
3. Catherine Manuela K. Lee-Ramos, MSc

SC on Preventive and Promotive Health
1. Limuel Anthony B. Abrogena, MD
2. Aleth Therese L. Dacanay, PhD
3. *Vacant**

SC on Traditional Medicine
1. Isidro C. Sia, MD, PhD
2. *Vacant**
3. *Vacant**

SC on Other Health Technologies
1. Iris Thiele Isip Tan, MD, MSc, FPCP, FPSEM
2. Raymond Francis R. Sarmiento, M.D.
3. Josefina Angeles Tuazon, RN, MN, DrPH

**Included in the ongoing call for the new set of HTAC members*